



MGA BOLUNTARYONG MANGGAGAWA PARA SA EMERHENSYA

Kung ako ay isang boluntaryong manggagawa para sa emerhensya, ako ba ay karapat-dapat para sa mga benepisyo at serbisyo para sa bayad-pinsala sa mga manggagawa (workers compensation) kung ako ay masaktan habang nasa tungkulin?

Oo, ang Workers Compensation Board of Manitoba (WCB, Lupon ng Kabayaran ng mga Manggagawa ng Manitoba) ay nagkakaloob ng coverage para sa mga boluntaryong manggagawa tuwing emerhensya, Kung ikaw ay isang boluntaryong bumbero o tauhan ng ambulansya o inaatasang magbigay ng iba pang tulong sa isang emerhensya sa ilalim ng *Emergency Measures Act*, ikaw ay itinuturing na isang manggagawa at ang probinsyal na gobyerno o lokal na awtoridad kung saan ikaw ay nagboboluntaryo ay itinuturing na iyong employer.

Ikaw ay may saklaw kung masasaktan ka:

- habang nasa tungkulin
- papunta sa o mula sa tungkulin sa emerhensya o
- habang nakikibahagi sa mga opisyal na pagpupulong o mga pagsasanay.

Ang mga indibidwal na nilalabanan ang mga sunog sa ilalim ng *Batas sa Pag-iwas sa Sunog (Fire Prevention Act)* ay itinuturing din na mga manggagawa na saklaw ng WCB. Sa ganitong kaso, ang iyong employer ay ang probinsyal na pamahalaan.

Sa anong mga benepisyo ako karapat-dapat?

Maaari kang maging karapat-dapat para sa mga benepisyo at serbisyo ng WCB kung ikaw ay mayroong isang pinsala o sakit na may kaugnayan sa trabaho.

Maaaring kabilang dito ang:

- pagbabayad ng pinapahintulatang medikal na mga gastos
- mga gastos sa paglalakbay para sa medikal na pagpapagamot
- mga benepisyo sa kawalan ng suweldo
- mga gawad para sa permanenteng di-buong kahinaan ng kakayahan
- bokasyonal na rehabilitasyon
- mga benepisyo para sa mga umaasa sa pangyayari na may namatay.

Sino ang dapat sumagot ng aking form para sa paghahabol?

Ang probinsyal na gobyerno o lokal na awtoridad kung saan ka nagboboluntaryo ay itinuturing na iyong employer at kinakailangang kumpletuhin ang isang ulat ng pinsala. Dapat mong kumpletuhin ang isang hiwalay na ulat ng pinsala, na maaaring isumite sa pamamagitan ng koreo, online o sa pamamagitan ng pagtawag sa Claims Service Centre sa 204-954-4321.

Kailangan ko bang iulat sa WCB ang aking regular na kita sa trabaho?

Kung ikaw ay may nawawalang oras mula sa iyong regular na trabaho, dapat mong ipahiwatig ang anumang mga kita na nasa iyong Ulat ng Pinsala sa WCB. Dapat mong ipagbigay-alam sa amin kung sino ang iyong regular na employer, anumang kita mula sa pansamantala (part-time) o kita mula sa sariling trabaho na iyong karaniwang kinikita, atbp.

Kung nawalan ka ng oras mula sa trabahong iyon dahil sa iyong pinsala, sa iyong pahintulot, tatawagan ang iyong regular na employer upang magbigay sa WCB ng impormasyon ng iyong kita.

Paano kakalkulahin ang aking mga benepisyo sa kawalan ng suweldo kung hindi ako nakakatanggap ng pera para sa aking mga tungkulin?

Bagaman ikaw ay maaaring hindi bayaran bilang isang boluntaryong manggagawa sa emerhensya, saklaw ka pa rin ng *Batas sa Bayad-Pinsala sa mga Manggagawa (Workers Compensation Act)*. Kung ikaw ay masasaktan habang nasa tungkulin at nawalan ng oras mula sa iyong regular na trabaho, ikaw ay makakatanggap ng mga benepisyo sa kawalan ng suweldo batay sa mas mataas sa:

- iyong regular na mga kita, o
- Kalahati ng Industrial Average Wage ng Manitoba (IAW).

Para sa 2020, ang IAW ay \$945.78 kada linggo (batay sa \$49,180.56 kada taon); kalahati ng IAW at \$472.89 kada linggo (batay sa \$24,590.56 kada taon).

Kahit na ikaw ay walang regular na kita sa trabaho sa panahon nang ikaw ay napinsala, kung ang mga benepisyo sa kawalan ng suweldo ay pinahihintulutan, ikaw ay makakatanggap ng mga benepisyo batay sa kalahati ng IAW na may bisa sa taon na naganap ang iyong pinsala.

Kung ikaw ay nagtamo ng isang pangmatagalang kawalan ng mga kita o napinsala na ikinamatay habang ginagawa ang iyong mga tungkulin bilang isang boluntaryong manggagawa para sa emerhensya, ikaw o ang iyong asawa ay makakatanggap ng mga benepisyo sa kawalan ng suweldo batay sa alinman sa 90% ng iyong netong nawala sa kita o 90% ng IAW, anuman ang mas mataas.

Ang lathalang ito ay ipinapagkaloob bilang pangkalahatang impormasyon. Hindi ito nilalayan na maging legal na payo, at hindi dapat asahan na bilang tulad. Para sa mas tiyak na impormasyon, tingnan ang *The Workers Compensation Act and Regulations and WCB Policies*. Ang mga dokumentong ito ay makukuha sa website ng WCB sa wcb.mb.ca.

Nagbibigay lamang ang WCB ng mga benepisyo sa kawalan ng suweldo kapag ang kawalan ng mga suweldo ay naganap bilang resulta ng isang pinsala. Kung walang kawalan, hindi babayaran ng WCB ang mga benepisyo sa kawalan ng suweldo.

Kailangan ko bang kumuha ng mga benepisyo sa may sakit mula sa aking regular na employer?

Babayaran ka ng WCB para sa oras na nawala sa iyo mula sa iyong regular na employer. Hindi mo kinakailangang gamitin ang iyong sick leave para sa mababayarang pinsala.

May karapatan ba akong makatanggap ng parehong sick leave mula sa aking regular na employer at mga benepisyo ng bayad-pinsala (workers compensation) sa mga manggagawa kung ako ay mapipinsala habang nasa tungkulin bilang isang boluntaryong manggagawa para sa emerhensya?

Oo, ang WCB ay ang unang magbabayad para sa mababayarang pinsala kung kaya isasama namin ang iyong mga nawalang suweldo mula sa iyong regular na employer kahit na ikaw ay nangongolekta ng mga benepisyo ng sick leave.

Halimbawang mga Pagkalkula:

Mangyaring tingnan ang fact sheet na tinatawag na Halimbawang mga Pagkalkula ng Benepisyo para sa mga Boluntaryong Manggagawa para sa Emerhensya para sa ilang mga halimbawa.

Ang lathalang ito ay ipinapagkaloob bilang pangkalahatang impormasyon. Hindi ito nilalayan na maging legal na payo, at hindi dapat asahan na bilang tulad. Para sa mas tiyak na impormasyon, tingnan ang *The Workers Compensation Act and Regulations and WCB Policies*. Ang mga dokumentong ito ay makukuha sa website ng WCB sa wcb.mb.ca.